Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
BAYAN NG MARILAO

Tanggapan ng Punong Bayan

ATAS TAGAPAGPAGANAP BLG. 2020 - 04

NAG-AATAS SA REORGANISASYON NG "LOCAL INTER-AGENCY COMMITTEE (LIAC)" PARA SA LIPAT-TIRAHAN O RESETTLEMENT NG MGA INFORMAL SETTLERS SA PAMAHALAANG BAYAN NG MARILAO, LALAWIGAN NG BULACAN

SAPAGKAT, itinatadhana sa Seksyon 29 ng *Republic Act 7279*, ang pag-uutos sa mga Lokal na Yunit ng Pamahalaan, sa pakikipag-ugnayan sa Pambansang Pangasiwaan sa Pabahay *(National Housing Authority)* at iba pang mga kaugnay na ahensya, ang relokasyon at lipat-tirahan o *resettlement* ng mga taong naninirahan sa mga mapanganib na lugar tulad ng tabing-ilog, estero, riles ng tren, *dump site*, baybayin at iba pang mga pampublikong lugar gaya ng mga *sidewalk*, kalsada, parke at mga palaruan, gayundin ang pagbibigay ng mga pangunahing serbisyo, pasilidad at sapat na pangkabuhayan upang matugunan ang mga pangunahing pangangailangan ng mga apektadong pamilya;

SAPAGKAT, batay sa *DILG Memorandum Circular No. 2011-17* ay nakapaloob sa batas at sa ating Konstitusyon ang promosyon at proteksyon ng karapatan ng mga tao para sa isang balanseng ekolohiya at kalikasan. Ang pagpapaparaya sa mga *Informal Settlements (IS)* ay nagiging sanhi ng maling pagtatapon ng mga basura at malinaw na paglabag sa mandato ng batas;

SAPAGKAT, kinakailangan ang reorganisasyon ng umiiral na *"Local Inter-Agency Committee (LIAC)"* upang isaalang-alang ang pagbabago sa komposisyon ng ilan sa mga miyembro nito;

NGAYON, SAMAKATWID, ako, **RICARDO M. SILVESTRE**, Punong Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, sa bisa ng kapangyarihang ipinagkaloob sa akin ng batas, ay nag-aatas:

SEKSYON 1. REORGANISASYON NG "LOCAL INTER-AGENCY COMMITTEE". - Sa pamamagitan ng Atas na ito ay muling binubuo ang *Local Inter-Agency Committee* (LIAC para sa kaigsian) sa Pamahalaang Bayan ng Marilao, na binubuo ng mga sumusunod:

Tagapangulo	:	**IGG. RICARDO M. SILVESTRE** Punong Bayan
Pangalawang Tagapangulo	:	**G. ROGELIO C. PASCUAL** Pambayang Tanggapan ng Pagpaplano at Pagpapaunlad
Kasapian	:	**IGG. ARNOLD T. PAPA** Tagapangulo, Lupon sa Pabahay at Lipat-Tirahan
		G. ISMAEL B. SANTIAGO Opisyal sa Pangangasiwa ng Pamahalaang Lokal
		ENGR. RAMON S. PARAGAS Pambansang Pangasiwaan sa Pabahay
		G. DANIEL RAMIREZ Pampanguluhang Komisyon para sa Maralitang Tagalungsod
		G. JESSE WILVIC JACILDO Pampanguluhang Komisyon para sa Maralitang Tagalungsod

G. ERICKSON BAGSIC
Pampanguluhang Komisyon
para sa Maralitang Tagalungsod

GNG. GRACE ANNE CORREA
Pampanguluhang Komisyon
para sa Maralitang Tagalungsod

IGG. ORESTES L. JACINTO
Pangulo, Liga ng mga Barangay

ENGR. MAGTANGGOL C. SAN MIGUEL
Pambayang Tanggapan ng Pag-iinhinyero

DR. CECILIA S. MARAMBA
Pambayang Tanggapan ng Kalusugan

BB. RUTH V. RAMOS
Pambayang Tanggapan ng Kagalingan
at Pagpapaunlad Panlipunan

ENGR. REYNALDO S. BUENAVENTURA
Pambayang Seksyon ng Kapaligiran
at Likas na Yaman

GNG. MIRIAM V. BALBOA
Pambayang Seksyon ng Serbisyong
Pampublikong Empleo

DR. JONAR C. DAVID
Tagamasid Pampurok, Marilao North District

DR. MAXIMO C. HERRERA
Tagamasid Pampurok, Marilao South District

LT. COL. AMADO A. MENDOZA, JR.
Hepe ng Pulisya, PNP-Marilao

Asosasyon sa Komunidad : **BB. MELLY Q. DIAZ**
Samahang Sitio Bukd ng Tabing-Ilog, Inc.

Kalihiman : Pambayang Tanggapan ng Pagpaplano
at Pagpapaunlad

SEKSYON 2. MGA TUNGKULIN AT RESPONSIBILIDAD. - Ang LIAC ay gaganap sa mga tungkulin at responsibilidad gaya ng mga sumusunod:

a. Matukoy sa pamamagitan ng pampublikong konsultasyon ang pagtanggap sa mga *resettlement site* at pag-endorso ng *resettlement site* sa mga kaugnay na pambansang ahensya;

b. Magbalangkas ng mga plano at magsagawa ng mga probisyon para sa kinakailangang serbisyong panlipunan sa *resettlement site* para sa kalusugan, edukasyon, seguridad, kalinisan sa kapaligiran, at iba pa;

c. Magbuo at magpatupad ng mga programang pangkabuhayan para sa mga apektadong pamilya;

d. Palakasin at ayusin ang mga organisasyong nakabatay sa komunidad upang mas mapadali ang paghahatid ng mga serbisyo sa mga proyekto ng LIAC;

e. Makipag-ugnayan sa mga pambansang ahensya hinggil sa mga layunin ng LIAC at maayos na relokasyon ng mga apektadong pamilya;

f. Gumanap bilang *focal person* sa loob ng kani-kanilang ahensya upang mas mapadali ang pagpapatupad ng mga kinakailangang programa, proyekto at/o aktibidad ng LIAC alinsunod sa mandato ng batas; at

g. Magsagawa ng iba pang mga kaugnay na gawain ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sa tagubilin ng Punong Bayan;

SEKSYON 3. PAGPUNO SA BAKANTE. Ang anumang bakante sa pagiging kasapi ng *Local Inter-Agency Committee (LIAC)* ay awtomatikong mapupuno ng kahalili na napili o hinirang ng Punong Bayan, at gaganap sa kasalukuyang termino. Ang pangalan ng kahalili ay ***ipso facto*** na kasama sa **Seksyon 1** ng Atas Tagapagpaganap na ito.

SEKSYON 4. SUGNAY NG PAGKAKAHIWALAY. Kung, sa anumang kadahilanan, ang anumang bahagi o probisyon ng Atas Tagapagpaganap na ito ay natagpuan na hindi naaayon sa Konstitusyon, ang iba pang mga bahagi o probisyon nito na hindi apektado ay magpapatuloy.

SEKSYON 5. SUGNAY NG PAGWAWALANG BISA AT PAGBABAGO. Ang lahat ng iba pang mga atas, mga patakaran, mga regulasyon o mga bahagi nito na hindi naaayon sa Atas Tagapagpaganap na ito ay pinapawalang-bisa o binabago nang naaayon.

SEKSYON 6. PAGKAKABISANG SUGNAY. Ang Atas Tagapagpaganap na ito ay magkakabisang kagyat.

NILAGDAAN sa Bayan ng Marilao, Lalawigan ng Bulacan, ngayong ika-10 ng **Pebrero**, sa taon ng Ating Panginoon, dalawang libo dalawampu.

RICARDO M. SILVESTRE
Punong Bayan